



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA – 106 REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA – 11
SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG AGOSTO
19, 2024, IKA – 1:00 NG HAPON SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN

Mga Dumalo:

Municipal Vice Mayor Jerwin S. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Robert S. Quiatchon	- Miyembro
Konsehal Lucille T. Bacay	- Miyembro
Konsehal John John S. Yason	- Miyembro
Konsehal Juan Rafael M. Talens	- Miyembro
Konsehal King Philip B. Dimapilis	- Miyembro
Konsehal Robert A. Baticos	- Miyembro
Konsehal Veil Charlleo B. Cusi	- Miyembro
Konsehal Marietta R. Pajila	- Miyembro
Konsehal Hermis S. Catapang	- Pangulo, Liga ng Barangay
Konsehal Sheikinah Grace C. Sanz	- Pangulo, MSKF

Hindi Nakadalo:

WALA

KAPASYAHAN BLG. 557
Taong 2024


KAPASYAHANG HUMIHILING SA KAWANIHAN NG
RENTAS INTERNAS (BUREAU OF INTERNAL REVENUE) SA
LUNGSOD NG CALAPAN UPANG MABIGYAN NG
"UPDATED" CERTIFICATE OF REGISTRATION ANG
PAMAHALAANG LOKAL NG BAYAN NG ROXAS,
ORIENTAL MINDORO


SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lokal ng Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro ay nangangailangan ng isang "Updated" Certificate of Registration mula sa Kawanihan ng Rentas Internas (Bureau of Internal Revenue o BIR) upang masiguro ang pagkakaroon ng wastong dokumentasyon na kinakailangan sa operasyon at pagsunod sa mga regulasyon ukol sa buwis;

SAPAGKAT, ang pagkakaroon ng "Updated" Certificate of Registration ay mahalaga upang matiyak na ang lahat ng transaksyon at operasyon ng Pamahalaang Lokal ay alinsunod sa batas at mga patakarang ipinatutupad ng BIR;

DAHIL DITO, sa mungkahi ni Kgg. Juan Rafael M. Talens at sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na humiling sa Kawanihan ng Rentas Internas (BIR) sa Lungsod ng Calapan na mabigyan ang Pamahalaang Lokal ng Bayan ng Roxas, Oriental Mindoro ng isang "Updated" Certificate of Registration;


JERWIN S. DIMAPILIS


FERDINAND V. TALENS, MPA

IPINASYA RIN, na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito sa Kawanihan ng Rentas Internas (BIR) sa Lungsod ng Calapan, sa tanggapan ni Kgg. Leo G. Cusi, Sr., Punong Bayan at sa iba pang kinauukulang ahensya para sa kanilang kabatiran at nararapat na aksyon.


Pinagtibay: 19 Agosto 2024

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINAGTIBAY:


JERWIN S. DIMAPILIS
Tagapangulo




RECEIVED
08-21-2024